Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 10 (Ikaapat na Markahan-USLeM 5)


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Marissa B. Pandaan, Coordinator, MNHS-Tunasan Annex |
| **Tagaguhit:** | Marissa B. Pandaan, Coordinator, MNHS-Tunasan Annex |
| **Tagalapat:** | Marissa B. Pandaan, Coordinator, MNHS-Tunasan Annex |
| **Manunulat ng LAS** | Marissa B. Pandaan, Coordinator, MNHS-Tunasan Annex |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nelia G. Abejar, Head Teacher V, MNHS-Main |
| **Tagasuri ng Wika:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Dominico C. Idanan, SDS SDO-Muntinlupa City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Madeline Ann L. Diaz, CID Chief, SDO-Muntinlupa City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino<br>Dr. John Albert B. Colle, EPS-Filipino, SDO-Muntinlupa City<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |


**(Pagmamay-ari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**

| ARALIN 5 | Angkop na Salitang Nagpapahayag ng Saloobin/Damdamin |
|---|---|

## INAASAHAN

Ang modyul na ito ay makatutulong sa iyo upang maging gabay mo sa pag-unawa ng nobelang El Filibusterismo. Malaki ang maiaambag nito sa paglinang sa antas ng iyong pagkatuto.

Pagkatapos ng aralin ikaw ay inaasahang:

1. Naipaliliwanag ang kabuluhan ng mga kaisipang lutang sa akda kaugnay ng
   - karanasang pansarili
   - gawaing pangkomunidad
   - isyung pambansa
   - pangyayaring pandaigdig (**F10PN-IVf-90)**
2. Naiuugnay ang kaisipang namayani sa pinanuod na *video clip* sa mga kaisipang namayani sa binasang akda **(F10PN-IVd-e-83)**
3. Naisusulat at naipahahayag ang sariling mga paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda gamit ang mga salitang hudyat sa pagpapahayag ng saloobin/damdamin **(F10WG-IVd-e-80)**

## UNANG PAGSUBOK

**PANUTO:** Tukuyin ang kaugnay na kaisipan ng mga pahayag. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

A. Gawaing pangkomunidad
B. Isyung pambansa
C. Karanasang pansarili
D. Pangyayaring pandaigdig

____1. Ayon kay Isagani, “Hindi ako naparito nang dahil sa akin, naparito ako sa ngalan ng mga kabataan.”
____2. “Natuto naman ako kahit walang guro, walang akademya o permiso ng pamahalaan. Ang sinumang nais matuto ay matututo.”
____3. “Taliwas iyan,” ang sagot ng abogado. “Kahit hindi natin hinihiling ay ipinagkakaloob sa atin. Kaya para sa pamahalaan, ang paghingi ay isang pagpapamukha na sila’y may pagkukulang sa kanilang tungkulin.”
____4. “Totoong maraming abogado at doktor, ngunit hindi napakarami sapagkat may mga bayan na wala pa rin nito. At kung sakali mang marami ay mahihinang klase naman.
____5. Nang mapagsino ang binata, humingi ng paumanhin sa hindi pagkakapaupo rito. Kapag kuwa’y kinumusta ni Ginoong Pasta si Padre Florentino. Nabuhayan ng loob si Isagani nang banggitin ang kaniyang amain.

## BALIK-TANAW

**PANUTO:** Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pahayag.
Piliin ang pinakaangkop na sagot. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. "Mabuti na lang at pinaalis ko siya sa aking bahay, ayokong kagalitan ako ng mga prayle' wika ni Hermana Penchang. Anong damdamin ang nangibabaw sa nagsasalita?
   A. Pasasalamat
   B. Pangangatwiran
   C. Pagsang-ayon
   D. Pagsisisi

2. Ang kapalit sa pagtulong kay Huli upang mapalaya si Basilio ay ______.
   A. ang kaniyang agnos
   B. lupain ni Kabesang Tales
   C. pagsusuko ng kapurihan
   D. paninilbihan sa Hermana

3. Ayaw lumapit ni Huli kay Padre Camorra dahil _____.
   A. baka siya alilain ng pari
   B. may pagnanasa ito sa kaniya
   C. makapangyarihan ang kura
   D. nambubugbog si Padre Camorra

4. Ang paglapit ni Huli kay Ginoong Pasta upang humingi ng tulong sa kabila ng panganib na kaniyang haharapin ay nagpapahiwatig ng ________.
   A. Habang may buhay may pag-asa.
   B. Ang taong gipit sa patalim kumakapit.
   C. Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.
   D. Nasa huli ang pagsisisi.

5. Ang paglabas ni Hermana Bali sa kumbento habang patakbong nagsisigaw ay nangangahulugang __________.
   A. Hindi niya inaasahan ang ginawa ni Padre Camorra kay Huli.
   B. Natakot siya sa ginawang pagpapakamatay ni Huli.
   C. Siya ay labis na natuwa sa pagtulong ni Padre Camorra kay Huli.
   D. Siya ay nasiraan ng bait dahil sa kahalayan ng kura na kaniyang nasaksihan.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA SA ARALIN

KAB. XV

### BASAHIN MO

**Kabanata XV**
**SI GINOONG PASTA**

Sa wakas, natapos din ang pagsusulat ng abogado. Nang mapagsino ang binata, humingi ng paumanhin sa hindi pagkakapaupo rito. Kapag kuwa'y kinumusta si Padre Florentino. Nabuhayan ng loob si Isagani. Nang banggitin ng binata ang mga prayle, Bise-Rektor, at Kapitan-Heneral, gayon din ang mga panukala, nangulimlim ang mukha ni Ginoong Pasta. Nasabi niyang, "Ang Pilipinas ay bayan ng mga panukala. Sige magpatuloy kayo".

Hiniling ni Isagani na mamagitan ng sang-ayon sa kanila si Ginoong Pasta sakaling siya ay sangguniin ni Don Custodio. Buo na ang loob ni Ginoong Pasta na huwag makialam sa usapin ng mga mag-aaral.

“Isa ako sa mga umiibig sa sariling bayan at hinahangad ko ang kaniyang pagsulong ngunit hindi gayon kadali ang sumuong sa mga usapin. Kailangan kong mag-ingat sapagkat marami akong ari-arian.”

“Wala po kaming hangad na ilagay kayo sa kagipitan. Maaari pong kakaunti ang nawawatasan ko tungkol sa kautusan ng hari, ng mga batas, iisa ang adhikain namin ng pamahalaan. Sa paraan lamang kami nagkakaiba.”

“Kahanga-hanga ang tumulong sa pamahalaan kung ang iyong pagtulong ay sa pamamagitan ng pangangayupapa at pagsunod sa kanyang kapasyahan. Ang pagsalungat sa kanyang mga panukala kahit mabuti pa ito ay makasisira sa kanyang katatagan”, paliwanag ni Ginoong Pasta.

“Ang batayang katarungan ay siyang matibay, hindi ang batayang lakas ng pamahalaan sa nasasakupan. Ito ang pinakamahinang batayan sapagkat wala sa kanila kundi nasa nasasakop kung kikilalanin ang kanilang kapangyarihan o hindi”, maagap na tugon ni Isagani.

“Ang maipapayo ko’y pabayaang gumawa ang pamahalaan” sagot ni Ginoong Pasta.

“Itinatag ang pamahalaan para sa kapakanan ng bayan. Kailangan umayon sa hinihingi ng mamamayan na siyang higit sa lahat, ay nakaaalam kung ano ang kanilang kailangan.” tugon ni Isagani.

“Lahat naman ay ipinagkaloob ng pamahalaan kaya dapat itong pagkatiwalaan” May kasabihan ang Espanyol na ang umiiyak ay walang gatas, ang hindi humihingi ay hindi pagkakalooban.”

“Taliwas iyan” ang sagot ng abogado. “Kahit hindi natin hinihiling ay ipinagkakaloob sa atin. Kaya para sa pamahalaan ang paghingi ay isang pagpapamukha na sila’y may pagkukulang sa kanilang tungkulin.”

“Ipagpatawad ninyo,” namumuhing tugon ni Isagani. Kapag ang bayan ay humihingi dapat matuwa ang pamahalaan sapagkat ang ibig sabihin ay itinuturing silang ina. Lalabas na maniniil ang pamahalan kung ipagkakait niya ang hinihiling masabi lamang na siya ay malakas.

Ang bayang galit sa pamahalaan ay walang ibang hinihiling kundi magbitiw sa tungkulin ang namamahala!

Napailing ang abogado sa tinuran ni Isagani. “Mapanganib ang sinasabi mo binata. Hayaan na ninyo sa pamahalaan ang mga bagay na iyan. Marunong kayo ng wikang Espanyol, kung gusto ng iba na matuto ng wikang iyan tulad ninyo gawin nila ang ginawa ninyong pagsusunog ng kilay at magpakapanot ding tulad ko.

Natuto naman ako kahit walang guro, walang akademya o permiso ng pamahalaan. Ang sinumang nais matuto ay matututo."

"Bakit hahangarin pang humigit? Ang daming abogado, marami ring doktor, ang kailangan ng bayan ay mga manggagawa at magsasaka.

"Totoong maraming abogado at doktor, ngunit hindi napakarami sapagkat may mga bayang wala pa rin nito. At kung sakali mang marami ay mahihinang klase naman. Hindi mapipigil sa pag-aaral ang mga kabataan.

Wala namang ibang mapagpipiliang kurso kundi ang dalawang iyan. Bakit hindi pagbutihin ang pagtuturo ng abogasya at medisina gayong ito ay kailangan naman? Gayun pa man, kung ibig na maging lupain ito ng mga magsasaka, hindi nakasasama kung sila ay mag-aaral upang mapabuti ang kanilang kabuhayan at maging mulat sa mga bagay na hanggang ngayon ay hindi pa nila batid."

"Bah! Mga pangarap, isa iyang kahibangan hindi kailangan ang retorika para maging mabuting magsasaka. Bibigyan ko kayo ng payo."

Inakbayan si Isagani. "Nag-aaral kayo ng medisina? Magtapos kayo, mag-asawa ng isang mayaman, at madasaling dalaga. Atupagin ninyo ang panggagamot hindi ang pakialaman ninyo ang mga bagay na may kinalaman sa bayan. Magsimba kayo at mangumpisal. Maningil nang mahal. Makikita ninyo kapag kayo ay nagkauban ng tulad nito pasasalamatan ninyo ako."

"Kapag ako'y nagkaroon ng ubang tulad niyan," malungkot ding tugon ni Isagani," at nilingon ko ang aking paningin sa nakaraan at wala akong nakitang nagawa para sa iba at bayang sa aki'y nagkupkop, kundi para sa aking sarili lamang, bawat puting buhok ay magsisilbing tinik sa akin. Hindi ko ito ikapupuri bagkus ay aking ikahihiya. Pagkawika nito'y magalang na yumukod at umalis si Isagani."

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa kabanata bisitahin ang link na ito.
https://www.youtube.com/watch?v=y5IKWkQyPpM

**PAG-UNAWA SA BINASA**

**Gawain 1: Panuto:** Unawain at sagutin ang mga gabay na tanong.

1. Bakit nabigo si Isagani sa paglapit kay Ginoong Pasta?

____________________________________________________________
____________________________________________________________.

2. Ipaliwanag ang sinabi ni Ginoong Pasta kay Isagani na, "Ang Pilipinas ay lupain ng mga panukala."

____________________________________________________________
____________________________________________________________.

3. Kung ikaw si Isagani idudulog mo rin ba ang suliranin ng inyong klase kay Ginoong Pasta upang hingin ang kaniyang payo o solusyon? Bakit?
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________.

**Gawain 2: Panuto:** Suriin ang mga kaisipan sa akda. Punuan ang talahanayan sa ibaba ng mga hinihinging impormasyon.

| KAISIPAN | Karanasang Pansarili | Gawaing Pangkomu-nidad | Isyung Pambansa | Pangyayaring Pandaigdig |
|---|---|---|---|---|
| 1.Pagdulog sa may kakilalang nasa puwesto upang makalapit o makahingi ng tulong sa makapangyarihan. | | | | |
| 2. Pagsasawalang-bahala sa kapakanan ng bayan at pansariling kabutihan lamang ang iniisip. | | | | |

## GAWAIN 2: ANONG SAY MO???

**A. Panuto:** Panuorin ang balita tungkol sa suliraning pang-edukasyon.
(https://www.youtube.com/watch?v=XBtsV9aYC5Y)




**Pagsusuri sa mga Kaisipang Lumutang sa Akda**

Sa tulong ng pinanuod na bidyo, pag-ugnayin ang mga isyu/ suliraning binigyang-diin sa aralin.

| (Isyu/Suliranin) | Akdang binasa (Pagkakatulad) | Pagkakaiba | Napanuod (Pagkakatulad) |
|---|---|---|---|
| **A. Estudyante** | | | |
| **B. Kalagayan ng Edukasyon** | | | |
| **C. Guro** | | | |
| **D. Pamahalaan** | | | |

**B. Panuto:** Gamit ang Teknik na **TAC** (*Think About Consequences*) buuin ang pahayag. Palawakin ang pangungusap sa pamamagitan ng pagdurugtong ng iyong kaisipan o saloobin sa tulong ng mga salitang hudyat sa pagsasaad ng damdamin.

| | |
|---|---|
| 1.Ako si Isagani, bilang isang mag-aaral karapatan kong…. | |
| 2.Bilang isang pangulo ng bansa, tungkulin kong…. | |
| 3. Bilang mamamayan ng daigdig, pananagutan kong… | |

## TANDAAN

**ISAGANI**- Isang seryosong mag-aaral. Siya ay pamangkin ni Padre Florentino at kasintahan ni Paulita Gomez. Si Isagani ay larawan ng marangal, may paninindigan at matapang na ipinaglalaban ang kanyang karapatan. Siya ay isa sa mga estudyanteng sumuporta sa hangaring magkaroon ng sariling akademya para sa Wikang Kastila ang Pilipinas.

**GINOONG PASTA**- Siya ang pinakasikat na abogado at tanging may katalinuhan sa Maynila na siyang pinagtatanungan ng mga prayle sa mga araw ng kagipitan. Siya ay naglalarawan ng isang Pilipinong nagnanais na manatiling sakop ng mga Kastila ang Pilipinas.Samakatuwid siya ang uri ng tao na pansarili lamang ang iniisip.

## PANGGRAMATIKANG ARALIN

Sa pagpapahayag natin ng mga opinyon o damdamin ay gumagamit tayo ng mga hudyat na maaaring maipahatid ang ating paniniwala at pagpapahalaga katulad ng mga sumusunod:

1. Sa pakiwari ko... (Sa pakiwari ko ay mali ang taong nilapitan ni Isagani.)
2. Sa aking pananaw... (Sa aking pananaw mas makabubuti kung paglalaanan ng panahon ang pagsusulong ng edukasyon.)
3. Base sa aking karanasan... (Base sa aking karanasan,ang mga mag-aaral na nais matuto ay gumagawa ng paraan upang sila ay magtagumpay.)
4. Kung hindi ako nagkakamali... (Kung hindi ako nagkakamali, natatakot si Ginoong Pasta na mawala ang kanyang mga ari-arian.)
5. Ako ay sigurado na... (Ako ay sigurado na, hindi titigil si Isagani na ipaglaban ang kanyang paniniwala.)
6. Aminado ako na... (Aminado ako na, hindi madali ang suliraning kinahaharap ng mga kabataan sa edukasyon.)
7. Sa nakikita ko... (Sa nakikita ko, sa kabila ng pagtanggi ni Ginoong Pasta ay mas iigting pa ang pagnanais ni Isagani na maisulong ang Akademya ng Wikang Kastila.)

## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**Pagsasanay**: Bumuo ng isang maikling talata tungkol sa paksang “Kailangan bang magkaroon ng kamalayan ang isang kabataan sa mga nangyayari sa kaniyang bayan?” Gumamit ng mga salitang nagsasaad ng hudyat sa paglalahad ng damdamin/saloobin.

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

| Mga Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| Balarila (Wastong paggamit ng wika/salita, baybay at bantas) | 1 |
| Paraan ng Pagtalakay sa Paksa / Pagkakaugnay ng mga ideya | 2 |
| Nilalaman (Lawak at lalim ng pagtalakay) | 2 |

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Piliin ang kahulugan ng mga kaisipan at pahayag. Isulat ang letra ng tamang sagot.

____1. Ayon kay Ginoong Pasta, ang Pilipinas ay lupain ng mga panukala. Ano ang nais ipahiwatig nito?
A. Maraming namumuno sa Pilipinas.
B. Maraming panukala ngunit panay balak lamang at walang naisasakatuparan
C. Maraming namumuno sa Pilipinas na nagpapatupad ng kaniya-kaniyang panukala.
D. Maraming batas sa Pilipinas na ipinatutupad at sinusunod ng mamamayan.

____2. Ayon kay Isagani, "Hindi ako naparito nang dahil sa akin, naparito ako sa ngalan ng mga kabataan". Anong damdamin ang lumutang sa pahayag?
A. May paninindigan
B. May layuning maghimagsik
C. May pagmamalasakit sa kapwa
D. May pagmamahal sa bayan

____3. "Ang pamahalaan ay itinatag para sa ikabubuti ng mamamayan." Ito ay nangangahulugang __________.
A. Dapat sumunod ang pamahalaan sa mamamayan.
B. Dapat na umasa ang mamamayan sa pamahalaan.
C. Dapat na gampanan ng pamahalaan ang sinumpaang tungkulin sa bayan.
D. Dapat na ibigay ng pamahalaan ang lahat ng pangangailangan ng mamamayan.

____4. Ang pagtanggi ni Ginoong Pasta na tulungan ang mga kabataan sa kanilang adhikain ay sumasalamin sa ___________.
A. Mga taong may kinikilingan
B. Mga taong sunud-sunuran sa pamahalaan
C. Mga taong takot na mawalan ng yaman
D. Mga taong iniisip lamang ang sariling kapakanan

____5. Ayon kay Ginoong Pasta, "Natuto naman ako kahit walang guro, walang akademya o permiso ng pamahalaan. <u>Ang sinumang nais matuto ay matututo."</u> Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag na may salungguhit?
A. May determinasyong matuto
B. Ang paghahangad ng kaalaman ay maraming kaparaanan.
C. Walang makapipigil sa taong nagnanais ng pagkatuto at kaalaman.
D. Ang lahat ng nabanggit ay tama.

## SUSI SA PAGWAWASTO

| Unang Pagsubok | Balik-Tanaw | Pangwakas na Pagsusulit |
|---|---|---|
| 1. C | 1. A | 1. B |
| 2. A | 2. C | 2. C |
| 3. B | 3. B | 3. C |
| 4. B | 4. B | 4. D |
| 5. D | 5. D | 5. D |

## SANGGUNIAN

Jocson, Magdalena O. Tolosa. 2016. Hiyas ng Lahi 10. Vibal Group,Inc. Quezon City Philippines

https://www.google.com/search?q=Character+mapping&tbm=isch&ved=2ahUKEwiJgN7039DuAhU3xIsBHSgPAuoQ2-cCegQIABAA&oq=Character+mapping&gs_lcp=CgNp

https://brainly.ph/question/1317209

https://www.youtube.com/watch?v=XBtsV9aYC5Ydeped

https://www.google.com/search?q=Character+mapping&tbm=isch&ved=2ahUKEwiJgN7039DuAhU3xIsBHSgPAuoQ2-cCegQIABAA&oq=Character+mapping&gs_lcp=CgNp

https://brainly.ph/question/1317209

https://news.abs-cbn.com/news/12/04/19/pag-angat-ng-kalidad-ng-edukasyon-tututukan-kasunod-ng-pisa-results-deped